LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino

## Si Muning at ang *Bully*



Isinulat ni Chit Hsu
Iginuhit ni Yee Kyaw Su Myat Htwe



Hindi masaya si Muning
kapag pumupunta siya
sa paaralan. Lagi siyang
inaabangan at inaagawan ng
baon ng malaking pusa.




Habang nakaupo sa parke, iniisip ni Muning kung paano niya mapipigilan ang pambu-bully ng malaking pusa.



Sa kaniyang harap, isang
kalapati ang nang-agaw ng
bola mula sa isang maya.
Matapang na sinigawan
ng maya ang kalapati.
Binitawan agad nito ang
bola at lumipad palayo.




Nagulat si Muning. Napaisip siya kung bakit hindi natakot ang maya sa kalapati.



“Hindi ka ba natatakot sa kalapati?” tanong ni Muning sa maya.



“Hindi ako natatakot. Kung matatakot ako, lalo lamang niya akong ibu-bully. Kailangan nating sabihin kung ano ang hindi natin gusto. Kailangang maging matapang upang hindi na nila tayo ma-bully.”



Nang sumunod na araw, nag-aabang na naman ang malaking pusa kay Muning. Ngunit hindi na siya takot ngayon.



Tinitigan ni Muning ang malaking pusa at sumigaw, “Hindi ko gusto ang pambu-bully mo sa akin. Kapag ipinagpatuloy mo pa ito, isusumbong na kita sa mga pulis.”



Nasaksihan ng mga kaibigan ni Muning nang balaan niya ang malaking pusa. Pinalakpakan nila si Muning! Natakot ang malaking pusa at tumakbo papalayo.



Hindi na muli pang na-bully ng malaking pusa si Muning. Ngayon, nag-iisip si Muning ng mga bagong paraan para maging matapang!



## Mga katanungan:

1. Bakit ayaw pumasok ni Muning sa paaralan?
2. Ano ang sinabi ni Muning sa malaking pusa?
3. Bakit hindi natatakot ang maya sa kalapati?
4. Ano ang iyong gagawin kung ikaw ang binu-bully?

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI INTERNATIONAL
The Asia Foundation